# Pambungad

Ito ang panganay na isyu ng *Diliman Gender Review (DGR)*. Tulad ng isang nanganganay, hindi naging madali ang pagluluwal ng *Journal*. Subalit pinagsumikapan. Pinagpunyagian.

Ang DGR ang upisyal na *journal* ng University of the Philippines Diliman Gender Office (UPDGO), na nangangasiwa sa pagpapatupad ng bisyon at misyon ng Unibersidad sa Diliman para sa malay-sa-kasariang edukasyon, at komunidad na may pagpapahalaga sa pagkakapantay-pantay at katarungan para sa lahat, anuman ang kasarian. May pangunahing tungkulin ang DGO na padaluyin ang usaping pangkasarian sa pagtuturo, pananaliksik, gawaing ekstensyon at administratibo. Isinasagawa ang mga tungkuling ito sa pamamagitan ng sumusunod na estratehiya: *crisis counseling* at ligal na pagpapayo, pagbubuo ng Gender and Development (GAD) Committee sa bawat kolehiyo/yunit, edukasyon at pagsasanay, pananaliksik at paglalathala, gawaing adbokasiya at serbisyo publiko.

Inilalathala ang *bilingual journal* bilang pagsusulong ng gawaing pananaliksik at paglalathala. Layon nitong lumikha at magpalaganap ng mga bagong kaalaman at mapalakas ang talastasang pangkasarian na materiyal sa ating gawaing pagtuturo at paglilinang ng malay-sa-kasariang kamulatan. Umaambag ito sa layunin ng Unibersidad na maging mayabong ang gawaing pananaliksik at paglalathala ng mga bagong pag-aaral na magpapalakas ng ating produksyon ng kaalaman – sa larangan ng kasarian.

## Ang kasalukuyang panahon

May partikular na kunteksto ang panahong nagluluwal sa unang isyu ng DGR. Inilalathala ito sa panahong tila binabawi ng estado ang lahat ng napagtagumpayan na ng mga kilusang kababaihan at mga kasarian. Halos magdadalawang taon na rin ang nakararaan mula nang mailuklok ang bagong pangulo na nangako ng ganap na pagpapatupad ng *Magna Carta of Women (RA 9710 2009)* at *Reproductive Health Law (RA 10354 "The Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012")* (Duterte 2016). Sa simula, naging kapana-panabik ang pagladlad ng bawat kaganapan. Ipinagmalaki kaagad ng bagong administrasyon ang natamong halimbawa sa mga batas at proyektong pangkababaihan

sa Davao (City Ordinance 5004, 1998; Lacorte 2008). Hinirang sina Prof. Judy Taguiwalo, Rafael Mariano, Liza Maza at Gina Lopez, mga kilalang kaliwa, o militanteng aktibista sa Pilipinas. Pinasimulan ang *peacetalks* sa National Democratic Front-Communist Party of the Philippines-New People's Army (NDF-CPP-NPA). Kinakausap kapwa ang Moro National Liberation Front (MNLF) at Moro Islamic Liberation Front (MILF) para matamo ang pangmatagalang kapayapaan sa Mindanao. Pinalaya ang mabibigat na lider ng NDF. Malakas ang dating ng mga pahayag ng Pangulo para sa soberanya – ang muli niyang pagbalik sa kasaysayan, ang pagsingil sa utang na dugo ng Amerika sa panahon ng Kolonisasyon at paghingi ng katarungan para sa mamamayang Moro; ang kaliwa't kanang anti-imperyalistang banat sa Amerika bilang *bully* at mapang-alipin; ang kasariwaan sa pandinig ng inuusal na prinsipyo ng makabayan, pantay at mutwal na kapakipakinabang na patakarang panlabas; wawakasan ang ENDO o kontraktwalisasyon sa mga manggagawa, at ipapasara ang mga abusadong kumpanya ng mina. Lahat ng ito ay umalingawngaw sa unang taon.

Subalit sa loob din ng halos dalawang taon, naranasan ng mga kababaihan ang walang katulad na berbal na pang-aabuso. Ang *misogyny* – ang labis na pagmamaliit, pang-aapi at pang-aalipusta sa mga kababaihan (Mananzan 1998; Claudio 2018) – ay tila lumakas pa dahil narereprodyus ito sa mismong itaas ng burukrasya. Nang mailuklok sa kapangyarihan ang kasalukuyang pangulo ng bansa, naging sentral na islogan ng Administrasyon ang *"Change is coming."* Ngayon, matapos ang halos dalawang taon ng panunungkulan, nangyari nga ang mga pagbabago – subalit sa negatibong sentido. Nararanasan natin ngayon ang pinakamalalang pambabastos, pagmamaliit, panghihiya, panggigipit, paglabag sa karapatang pantao, at pagdurog sa pagkatao lalo na ng kababaihang kalaban sa pulitika. Ang sekswalidad ay ginagamit na sandata tulad ng ipinaranas kay Sen. Leila de Lima; ang panggigipit kay Maria Ressa at Pia Ranada ng Rappler Philippines; at ang pagpapatalsik sa pwesto sa pamamagitan ng *quo warranto* kay Chief Justice Maria Lourdes Sereno ng Korte Suprema. Masahol ang seksismo sa wika na lalong pinatitingkad ng mga pahayag ng Pangulo at mga kaalyado nitong pulitiko. Nakakatakot na, at lubhang nakababahala ang pinapakawalang kautusan na idinadaan sa biro: barilin ang mga babaeng NPA sa puki (Gavila 2018; Esmaquel 2018); bombahin ang eskwelahan ng mga lumad (Lingao 2017); ituring na terorista ang mga aktibista (Mogato 2018; Chandran 2018). Kahit ang panggagahasa ay maluwag at paulit-ulit nang naibibiro ngayon, na nakapagnonormalisa ng

kultura ng panggagahasa at lumilikha ng klima ng *impunity* o isang kaligirang nakalulusot o hindi pinarurusahan ang mga nagkasala.

Marami na ring binawi, ipinawalang-bisa, at isinukong mga pangako sa unang taon. Higit na masama, lumikha rin ng mga bagong patakaran at programang higit na magpapahirap sa buhay ng mamamayan at bansa. Idinadaing na ng mga kababaihan sa Davao na nanatiling hindi tumatagos sa masa ang ginhawang pangkabuhayan at nananatili ang diskriminasyon sa kabila ng mga ordinansa, lalo na sa mga pangkat etniko sa Mindanao. Inamin nilang nananatiling umiiral ang kulturang mapang-api sa kababaihan at hindi sapat ang mga batas na nililikha ng lokal na pamahalaan para sa kanilang paglaya (Condeza 2018). Natanggal na sa Kabinete ang mga progresibo't militanteng lider, inihinto na ang *peace talks* at mas masahol pa, binabansagan nang terorista ang mga Kaliwa. Isa-isa na ring ipinaaaresto ang mga pinalayang *consultant* ng CPP-NPA-NDF na lumahok sa usapang pangkapayapaan. Matamis na ang lasa ng dating mapaklang mga pahayag ng administrasyon laban sa Amerika mula nang humalili si US Pres. Donald Trump. Higit pang malagkit ang pakikipagkaibigan ng pangulo ngayon sa China kahit nalalagay sa panganib ang *territorial integrity* ng bansa.

Marami pang litaw na halimbawa na hindi kayang tanggapin ng ating katwiran at pakiramdam – ang labis na pagpatay at malubhang paglabag sa karapatang pantao dulot ng *drug war;* mataas na presyo ng langis, gasolina, utilidad at lahat ng bilihin bunga ng bagong batas na Tax Reform for Accelaration and Inclusion (TRAIN); ang kasalatan sa suplay ng NFA Rice at mataas na presyo nito sa merkado; imposisyon ng patakarang modernisasyon sa mga dyip na magpapalaho sa hanapbuhay ng maraming drayber. At, ibinigay daw ang mga pabahay na inokupa ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) sa Pandi, Bulacan, gayong tinatawag naman sila ng Pangulo na mga "magnanakaw" batay sa ilang pahayag niya sa midya. Nadurog ang Marawi mula sa anim na buwang pagsugpo sa grupong Maute, at napalawig pa ng isang taon ang pagpapairal ng Batas Militar sa buong Mindanao kahit tapos na ang giyera dito. Ngayon, sinisikap baguhin ang Konstitusyon sa pamamagitan ng Charter Change (CHA-CHA) para maitawid ang sistemang pampulitika sa Pederalismo, na tila higit na malinaw na magpapatibay ng paghahari-harian ng mga pampulitikang angkan sa bawat rehiyon kaysa sa pagsusulong ng demokrasyang bayan.

Sa gitna ng mga pangyayaring ito, puspusan naman ang labanan at naipapanalong mga panukala sa lehislatura para sa

kababaihan at iba pang kasarian: sa Senado, ang pagpapalawig sa 120 araw ng Maternity Leave *(Senate Bill 1305 "Expanded Maternity Leave Law"*); at sa Mababang Kapulungan, ang panukalang SOGIE Equality Bill para sa mga LGBT *(House Bill Number 4982, "Prohibiting Discrimination on the Basis of Sexual Orientation or Gender Identity or Expression (SOGIE) and Providing Penalties Therfor")* at panukalang batas sa diborsyo *(House Bill No. 7303, "An Act Instituting Absolute Divorce and Dissolution of Marriage in the Philippines")* (Elemia 2017; Roxas 2018; Cupin 2017). Bagaman hindi sumasang-ayon ang Pangulo sa diborsyo, naging matapang din naman siya sa kanyang paninindigan laban sa mga pang-aabuso at pagpatay sa mga kababaihang migrante sa Kuwait at sa pagpapatigil ng pagpapadala ng manggagawa sa naturang bansa (Placido 2018; Basa 2018). Tumitingkad ang kontradiksyon sa pagitan ng mga progresibong batas sa isang banda, at sa kabilang banda, ng mga ugali at gawing mapagmaliit at mapang-api sa kababaihan ng mga dapat nagpapatupad ng batas. Ang Pangulo mismo ay isang malaking kontradiksyon. Sa isang panahon, mapagmalasakit ang ipinararating na mensahe para sa kababaihan at kabataan (libre na rin ang edukasyon sa *State Universities and Colleges*, simula 2017 sa UP, at 2018 sa iba pa) sa ibang panahon, napakamapang-api at sisidlan ng walang pakundangang kabastusan. Ngayon, higit kailanman, nakapaghihimagsik ng kalooban ang pagsambulat ng machismo at seksismo sa ating lipunan.

Kitang-kita ang labanan ng mga perspektiba sa *social media* na kinatatangian ng paglaganap ng *fake news,* pabrikasyon, panggigipit sa mga mamamahayag, at pagpupumilit na mamayagpag ang perspektiba ng estado. Sinumang hindi sumasang-ayon dito ay buong-layang tinatatakang peke, sinungaling, kontra-gubyerno at ipinalalagay na gustong ibagsak ang gubyerno. Ito ang pinakamatabang lupa para sa awtoritariyanismo ng gobyerno.

Marami pang pwedeng banggitin at suriin, at lalo lamang nagpapatibay ito sa ating pangangailangang manaliksik, maglathala, at paunlarin ang talastasang higit na magbibigay-linaw sa mga pangyayari at magiging salalayan ng pagbuo ng mga patakaran at programang tunay na tutugon sa pangangailangan ng kababaihan at iba pang kasarian. Kailangang maglathala para makapagtaguyod ng alternatibong daluyan ng mga kaalaman at impormasyon na maaaring makatulong sa ating pagtuturo, gawaing serbisyo publiko at pamamahala ng unibersidad. Kailangang maglathala upang lumalim ang pagkaunawa sa ating kultura at gamitin ang pagkaunawang ito hindi para mabahura sa tradisyon at mga lipas

na kaisipan kundi para gamitin din ito sa pagbabanyuhay ng kultura tungo sa makatarungang ginhawa sa nakararami, karangalan at lubos na paglaya sa lahat ng anyo ng kaapihan.

## Sa isyung ito

Kagaya ng nabanggit na, ito ang kuntekstong iniiralan ng paglalabas ng unang isyu ng DGR. Nahahati ito sa dalawang bahagi: ang unang bahagi ay binubuo ng tatlong artikulo mula sa mga fakulti ng UP. Ang ikalawang bahagi ay ulat/inisyal na paglalagom ng 15 taong karanasan ng DGO sa pagsasagawa nito ng kanyang mandato. Ang mga artikulong nakapaloob sa unang bahagi ay nagpapakita ng iba't ibang kalagayan ng kababaihan sa lipunang Pilipino, mga ugnayan ng kababaihan at kalalakihan, isyu at suliraning nakapaloob sa pag-uugnayang ito.

Halimbawa, hindi lamang mga historiograpikong suliranin sa pananalambuhay at rebisyonismong historikal ang matutunghayan sa **Donjuanismo sa mga Naratibo: Pananalaysay sa Pambababae nina Manuel Quezon at Ferdinand Marcos sa mga Talambuhay** ni Roderick C. Javar, Ph.D., kitang-kita din ang *machismo* sa paghahalimbawa niya sa buhay nina dating Pangulong Manuel Luis Quezon at Ferdinand Marcos. Sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga upisyal at alternatibong biograpiya ng dalawang dating pangulo, naipakita niya kung paano nagkakaroon ng maraming kasintahan at asawa ang mga pulitiko at kung paano ito naitatago sa mga upisyal na pagsusulat ng talambuhay. Kalimitan napatatahimik ang salaysay ng kababaihan sa mga upisyal na talambuhay; napagmumukhang santo ang mga pulitiko samantalang pinaglalaruan, minamaltrato at inaabandona ang kababaihan.

Ang pagpipi sa mga salaysay na pangbiograpiko at pangmidya ay isang pulitikal na bagay. Layon nitong linisin ang imahe ng mga pulitiko upang maging katanggap-tanggap sa madlang nili25ligawan at ibayong maisulong ang kanilang mga karerang pampulitika. Kaya, ang mga awtobiograpiya at talambuhay bilang batis ng kasaysayan ay nalilimitahan din. Maaaring nababaluktot, nababawasan, napapalabnaw, napapabango, nadadagdagan, nadodoktor at tahasang nababago salig sa gustong ipamalay ng may-ari nito. Ipinakita ni Javar ang puntong ito sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga naging pananalambuhay kina Quezon at Marcos. Kalimitan ang mga babaeng nakakaugnayan ay binabalewala, pinaglalaho, o 'di kaya'y ipinipintang negatibo – "ang masama," "ang may kasalanan," at "dahilan ng pagkasira ng lalaki". Lumilikha rin ng

dalawang uri ng babae sa naratibo – ang tunay o unang asawa, na siyang inihaharap sa dambana, ang ilaw ng tahanan, ina ng mga anak, at tagapagpatuloy ng lahi. Sa kabilang banda, ang kerida o "laruan," o "mabuting kasiping sa kama." Ang mga lalaki ay huwarang kabiyak at ama, kailangan ito sa pagsusulong ng karerang pampulitika at siyang magiging huwarang ama ng bayan kapagdaka. Kailangang ipinta ang imaheng matapat, mapagmahal at may paninindigan. Sa gayon, ang babae ay tila nililigawan, kailangang mapasagot para makuha ang boto. At ang mga ebidensyang magpapatunay ng kataksilan (tulad ng mga unang kinasama at iniwanan, at o mga kerida) ay nirerebisa sa kasaysayan, itinatago at tahasang binubura. Sa kabuuan, ayon kay Javar, ang pananalaysay sa pambababae at mga babae ay nagpapakita ng dalawang uri ng dominasyon: pangingibabaw ng mga lalaki sa mga babae sa pamamagitan ng objektipikasyon ng una sa huli; at ang dominasyong historiograpiko laban sa mga babaeng sadyang binura sa mga naratibo – isang uri ng diskriminasyon sa pananalaysay.

Kung ikukumpara sa kasalukuyang gawi ni Pangulong Duterte, naiiba, kung kaya nakamamangha sa madla ang pagdadala niya ng kanyang buhay may-asawa. Hindi lamang bukas, ipinagmamalaki pa, at ipinagwawagwagan ang pagkakaroon ng dalawang asawa at maraming kasintahan. Ang higit na nakakagulat ay kung paano ito tinatanggap ng publiko bilang "katapatang-loob," "nagsasabi ng totoo," at kung gayo'y napapatanggap ang dati-rati'y eskandalo at kasiraan ng isang pulitiko. Ganoon na nga rin ang gawi ng iba pang pangunahing pulitiko na mga personal na kaibigan din ng Pangulo. Bukas at malayang nag-aaway ang mga hindi ligal na asawa, etsapwera ang mga tunay na asawa, at katu-katulong din ang mga asawa, ligal man o hindi, sa pamamayagpag ng mga tradisyunal na pulitiko. Maitatanong: anong nangyari? Hudyat ba ito ng paglakas ng machismo sa Lipunang Pilipino? Paglakas ba ito ng *double standard*? Liberasyon ba ito ng kababaihan o internalisadong kaapihan?

Sa **Climate Trouble: Women in Coastal Communities in the Philippines Respond to Climate Changes** ni Soledad Natalia M. Dalisay, Ph.D., ipinakita ng pag-aaral na nagbago at nagdulot ng labis na kakulangan sa kabuhayan ang sobrang pag-init ng panahon, malalakas na ulan at bagyo na humahantong sa mataas na pagbaha at paglubog ng kanilang kabahayan. Pangunahing napipinsala ang kabuhayang nanggagaling sa pangingisda, pagtutuyo at pagbebenta ng mga kalakal-pandagat. Umiiksi ang panahong maaaring ipangisda dulot ng malubhang init ng

panahon at matinding kakulangan ang ibig sabihin nito sa kanilang buhay, samantalang wasak na tahanan at kapaligiran ang dulot ng malalaking baha.

Habang pinahihirapan ng mga kalamidad bunga ng pagbabago sa klima ang kapwa lalaki at babae, higit na bumigat ang pasanin ng mga babae sa mga nasalantang komunidad. Ang kalalakihan ay nananatiling mangingisda at tagapaghanapbuhay sa panahon pagkatapos ng kalamidad. Subalit pagkatapos noon, ang mga kababaihan na ang lahat ng gumagawa ng paraan para pagtakpan ang labis na kakulangan sa mga batayang pangangailangan, at sa karagdagang trabahong kagyat na itayo ang kanilang kabahayan.

Batay sa pag-aaral ng mga karanasan ng kababaihan sa sektor ng mangingisda sa baybay-dagat ng Cavite, Bicol at Zambales, naihatid ng papel na ang kababaihan ang pangunahing bumabalikat ng mga suliraning pangkalusugan, relasyong pampamilya, hirap sa pagkuha ng maiinom na tubig, bigat ng pagkabunot sa dating tirahan at muling pagbubuo nito, panganib ng karahasang nakabatay sa kasarian lalo na sa paglalakad sa mahaba at hindi-mataong lugar na kuhanan ng tubig, tensyon at karahasan sa loob ng tahanan na napalalala ng matinding kakapusan at kawalan ng mga batayang pangangailangan, serbisyo at mga pasilidad, pagkawalay sa mga dating kapitbahay na nagsisilbing grupong suporta sa isa't isa; malubhang pagod bunga ng malalayong lakarin dulot ng mga sirang kalsada, panganib sa kaligtasan at seguridad. Masasabing isa itong pagsusuring pangkasarian sa mga suliraning ibinunsod ng pagbabago sa klima na nagreresulta sa mapangwasak na kalamidad.

Tinatalakay naman sa **Ang Pansit ni Anita Linda: Some Representations of Ulirang Ina in Philippine Cinema** ni Sofia G. Guillermo ang tradisyunal na papel ng kababaihang Pilipino bilang isang matiisin at mapagsakripisyong ina. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga pelikulang pumaksa sa pagiging ina at/o may karakter na ina, sa loob ng walong dekada, ipinakita ni Guillermo na nagbago man ang panahon at lipunang ginagalawan natin na sinasalamin sa mga pelikula, noon, hanggang ngayon, nakadambana pa rin ang imaheng mapagsakripisyo ng mga ina—ito ang ibig sabihin ng pagiging uliran; gagawin ng isang ina ang lahat para sa kapakanan ng anak. Mula sa pelikulang *Tunay na Ina* noong 1939 hanggang sa pelikulang *Wanted Perfect Mother* (1970), *Baby Ama* (1976), *Andrea* (1990), *Anak* (2000), *Kubrador* (2006) hanggang

sa *Lola* (2009), naipakita ni Guillermo ang papel ng mga ina sa iba't ibang uri ng pamilya: mayaman, mahirap, rebolusyonaryo, OFW at lumpen; butihing maybahay at nakaasa lamang sa ama; gayundin, mula sa mga sekundaryo at pasibong karakter sa pamilya tungo sa pagiging sentro ng pamilya: solong tagapaghanapbuhay, tagapag-alaga ng anak at asawa, tagapagdugtong ng ginhawa, *absentee* na ina, mga inang naging lola na sa katandaan ay siya pa ring gumagawa ng lahat ng paraan lalo na kung wasak o magulo ang pamilya. Nagbabago ang mga papel ng ina, at sinasalamin ng mga pagbabago ang kalagayan ng lipunan. Halimbawa, may panahong nakasentro sa mayayamang tahanan ang papel ng mga "yaya" at "mayordoma"; ang papel ng madrasta o pangalawang ina sa mga pamilyang pinapanawan ng tunay na ina; panahong lumakas ang gangsterismo sa mga komunidad ng maralitang tagalunsod; panahon ng aktibismo at ang pagsabak ng mga ina sa digmang bayan; ang panahon ng krisis sa empleyo at pagtugon ng pamahalaan dito ng sistematikong eksportasyon ng lakas-paggawa hanggang dumating sa puntong mas marami ng babaeng nandarayuhan kaysa lalaki o ang tinatawag na *feminization of migration*; hanggang sa panahon ng krisis ng kahirapan kung saan dumarami ang mga pamilyang nakasandig sa mga gawaing lumpen tulad ng pagtutulak ng droga, pagkukubrador sa jueteng hanggang sa krisis ng pamilyang Pilipino sa pagkawala ng mga ina at ama dahil sa maraming dahilan. Subalit sa lahat ng panahon at pabagu-bagong papel, naroroon, nananatili ang ina bilang uliran – mapagtiis, gagawin ang lahat para sa anak, mapagsakripisyo hanggang kamatayan.

Samantala sa ikalawang bahagi, iniuulat sa **Ang Diliman Gender Office sa Pagsusulong ng Hustisyang Pangkasarian at Makataong Karapatan: Panimulang Paglalagom sa 15 Taong Paglilingkod** nina Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D., Ma. Stephanie Joy A. Andaya, Kristel May Gomez-Magdaraog at Prescilla D. Tulipat ang mga natamo't napagtagumpayan na ng Opisina sa loob ng 15 taong paglilingkod nito. Iniluwal ng Center for Women's and Gender Studies ang DGO at naging hiwalay na opisina na napailalim sa Opisina ng Tsanselor ng UP Diliman noong 2003. Bilang isang opisinang pangkasarian, mandato nito ang *gender mainstreaming* o pagpapadaloy ng mga usaping pangkasarian sa pagtuturo, pananaliksik, gawaing ekstensyon at administratibo. Isinagawa ito sa pamamagitan ng *crisis* at *legal counseling,* edukasyon at pagsasanay, pag-oorganisa ng GAD Committee sa bawat kolehiyo/unit, pananaliksik at publikasyon, gawaing adbokasiya, at pampublikong serbisyo/gawaing ekstensyon.

Sa loob ng 15 taong pagsisikhay, kilala na at isang matatag na opisina ang DGO sa UP Diliman. Matibay na ang lahat ng mga nabanggit na programa. Itinuturing nitong hamon sa kasalukuyan na dapat pagpunyagian ang makonsolida ang GAD Committee ng bawat kolehiyo/unit; mapalakas ang *gender sensitivity training* sa hanay ng fakulti at administrador; mainstitusyonalisa ang DGR; mailathala ang mga *training module* ng Gender Sensitivity Training, SOGIE at *Masculinity Studies* na patuloy nitong pinapaunlad; makapagdebelop ng mga peministang tagapagsangguni; makapagpaubaya ng serbisyo publiko sa panrehiyong antas at sa mga SUCs; makapamuno sa mga kumperensyang pambansa at pang-internasyunal; makasabay sa mga pagbabago at mapanghawakan ang lahat ng oportunidad na makapagpasulpot ng mga bagong programa at paraan ng pagtugon sa hinihingi ng ating panahon.

Hindi naman sinasadya, inilalathala din ang DGR sa pagdiriwang ng ika-15 taong anibersaryo ng Diliman Gender Office. Maligayang Unang Alay ito ng DGO sa lahat ng pagpupunyagi ng kababaihan para lumaya, magtamo ng pagkakapantay-pantay at katarungan.

**Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.**
Punong Patnugot

## SANGGUNIAN

Basa, Mick. 2018. "Duterte lashes out at Kuwait over mistreatment of Filipino workers." *Rappler*. Inakses Feb. 28, 2018. https://www.rappler.com/nation/195677-duterte-kuwait-mistreatment-filipino-workers.

Chandran, Rina. 2018 "UN special rapporteur tagged 'terrorist' in PH worried for her safety." *Reuters*. Inakses Mar. 28, 2018. http://news.abs-cbn.com/news/03/10/18/un-special-rapporteur-tagged-terrorist-in-ph-worried-for-her-safety.

City Ordinance No. 5004 and Executive Order No. 24. 1998. "The Women Development Code of Davao City and its Implementing Rules and Regulations." *University of Southeastern Philippines*. Inakses Feb. 28, 2018. http://www.usep.edu.ph/wp-content/uploads/sites/7/2015/09/city_ordinance_no_5004.pdf.

Claudio, Sylvia E. 2018. "Misogyny is bad for all Filipinos." *Rappler*. Inakses Mar. 20, 2018. https://www.rappler.com/thought-leaders/198445-why-misogyny-bad-for-filipinos.

Condeza, Earl O. 2017. "Women Empowerment in Davao Remains a Challenge." *Davao Today*. Inakses Mar. 5, 2018. http://davaotoday.com/main/blog/women-empowerment-in-davao-remains-a-challenge/.

Cupin, Bea. 2017. "House passes SOGIE equality bill on final reading." *Rappler*. Inakses Feb. 28, 2018. https://amp.rappler.com/nation/182796-sogie-equality-bill-passes-house.

Duterte, Rodrigo Roa. 2016. "State of the Nation Address (SONA)." *Official Gazette*. Inakses Feb. 28, 2018. http://www.officialgazette.gov.ph/sona-2016/.

Elemia, Camille. 2017. "Senate approves bill granting 120-day maternity leave." *Rappler*. Inakses Feb. 28, 2018. https://www.rappler.com/nation/163407-senate-approves-bill-120-days-maternity-leave-final-reading.

Esmaquel, Paterno, II. 2018. "Duterte defends 'shoot in the vagina' remark," *Rappler*. Inakses Feb. 28, 2018. https://www.rappler.com/nation/196966-duterte-defends-shoot-female-rebels-vagina-remark.

Gavila, Jodesz. 2018. "HRW: Duterte's 'shoot women in vagina' remark violates int'l humanitarian law." *Rappler*. Inakses Feb. 28, 2018. https://www.rappler.com/nation/195924-hrw-duterte-order-shoot-women-vagina-violates-international-humanitarian-law.

Lacorte, Germelina A. 2008. "Davao's new jailhouse gives hope to women behind bars." *Davao Today*. Inakses Feb, 28. 2018. http://davaotoday.com/main/politics/crime-public-safety/davaos-new-jailhouse-gives-hope-to-women-behind-bars/.

Lingao, Amanda. 2017. "Duterte threatens to bomb Lumad schools." *CNN Philippines*. Inakses Feb. 28, 2018. http://cnnphilippines.com/news/2017/07/25/Duterte-threatens-to-bomb-Lumad-schools.html.

Mananzan, Mary John, OSB. 1998. "The Filipino Woman: Before and After the Spanish Conquest." *Challenges to the Inner Room*. Manila: The Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College. 159-161.

Mogato, Manuel. 2018. "Philippines seeks 'terrorist' tag vs UN special rapporteur, 600 suspected Reds." *ABS-CBN News*. Inakses Mar. 8, 2018. http://news.abs-cbn.com/news/03/08/18/philippines-seeks-terrorist-tag-vs-un-special-rapporteur-600-suspected-reds.

Placido, Dharel. 2018 "The Filipino is no slave: Duterte fumes at latest Pinay death in Kuwait." *ABS-CBN News*. Inakses Feb. 28, 2018. http://news.abs-cbn.com/news/02/09/18/the-filipino-is-no-slave-duterte-fumes-at-latest-pinay-death-in-kuwait.

Roxas, Pathricia Ann V. 2018. "House approves divorce bill on 3rd and final reading." *Inquirer.net*. Inakses Mar. 28, 2018. http://newsinfo.inquirer.net/976496/house-divorce-bill-voting-third-reading.